

# 1

Naka-squat sa gilid ng daan si Minnerva. She was staring at the flat worn-out tire, but she wasn't really seeing it. Iniisip kasi niya kung gaano siya kamalas. Kung kailan nagmamadali siya, doon nag-inarte ang lumang kotse ng kanyang lola.

Isang berdeng box type *Toyota Corolla* ang uri ng sasakyan. Ang kulay nito ay kumupas na at ang katawan ay may patse-patseng kalawang. It wasn't the most beautiful car, but at least, it gets her from point A to point B.

Kung may pambili, matagal na itong napalitan dahil sa pagka-moody. Bumuntong-hininga siya at tumayo. "Hopeless ka," aniya, sabay sipa sa flat na gulong.

Unfortunately, siya ang nasaktan. Naka-sandals siya at tumama ang big toe niya sa bakal na hubcap. "Anak ng tipaklong!" Hinimas niya iyon, habang nakatitig dito nang masama. May personal vendetta yata ito laban sa kanya.

Dahil sa pagka-unreliable ng kotse, natuto na siya ng basic troubleshooting. Kaya niyang mag-jumpstart. Pati tapalan ang radiator, natutunan na rin niya. Maski temporary fix sa fan belt ay kaya niya, gamit ang lumang stocking. Kaya may stock niyon si Minnerva sa glove compartment. Ang kasalukuyang problema, ang flat tire, ay piece of cake din sana. Kaso nga, nagmamadali

siya.

Kanina pa siya nagkakandamalas. Una, ang suot niya ay naihian ni Milky, ang kanilang alagang Shi Tzu. Sobrang spoiled nito sa kanyang lola at akala ay isa itong prinsesa. Kaya hayan, pati kanina, ginawa siyang arinola.

Pangalawa, naubusan ng ink ang luma niyang dot-matrix printer. Hindi niya na-print ang final draft ng thesis, na isa-submit bago mag-alas-diez kay Professor Rivera. Kailangan niyang idaan ang flash disk sa *UP Shopping Center*, bago pa mag-meeting.

Pangatlo na ang flat na gulong. Kung naki-cooperate lang sana ang kanyang sasakyan... Buti na lang, malapit ang bahay nila sa *UP*, kung saan kasalukuyan siyang nag-aaral ng Political Science at huling semester na niya roon.

“Hoy, Minnerva!” tawag ni Lola Fan mula screen door. “Akala ko nagmamadali ka? Bakit nakatulala ka diyan?”

Hinarap niya ang matanda. Sa kalsada siya naka-park, dahil ang garahe ay may five square tables with matching chairs. Nagpapa-bingo kasi ang lola niya tuwing M-W-F. At kapag T-Th-S naman, mahjong. Ang isa pa nitong raket ay ang tindahan sa gilid ng bahay. Napaka-enterprising nito.

“Binibigyan ka na naman ng problema, ‘no, Apo?”

“Oo, Lola,” aniya. Binuksan ni Minnerva ang pinto ng sasakyan at kinuha ang mga gamit. “Nakakainis nga, eh.”

Lumapit ito. “Sabi ko naman kasi sa ‘yo, maghanap ka na ng boyfriend.”

*Ano naman ang kinalaman ng BF sa kotse? naisip niya. Talaga si Lola, laging sinisingit ang love life ko.*

“At least, kapag may problema kang ganito,” dagdag ng matanda, “may magsusundo sa ‘yo.”

Napasimangot si Minnie. Buti na lang nakatalikod siya at hindi makikita ang ekspresyon sa kanyang mukha. Malaki ang utang-na-loob niya sa abuela, at kailanman, kahit inis siya sa kakulitan nito, ay hindi niya ito magawang sagutin o sungitan.

Tulad ngayon, imbyerna siya sa pangungulit nito sa kanyang love life. Her grandmother was hounding her about it. No boyfriend since birth o NBSB kasi siya.

“Sabi ko naman sa ‘yo, happy ako sa pagiging single, ‘La.” Isinukbit niya ang bag sa balikat at hinarap ito. “At ikaw, Lola Fan, for someone who’s supposed to be independent, bakit mo ako tinutulak mag-boyfriend?”

Feminista ito. Retiradong guro mula *UP Integrated High School*. Mulat sa mga issues ng lipunan. Kasama ito sa mga rallies na ginanap noong Martial Law at kabahagi rin ito sa People Power Revolution, ang Edsa I laban sa diktador na si Ferdinand Marcos at Edsa II upang tanggalin sa puwesto ng pagkapangulo si Joseph Estrada. At hindi ito under sa kanyang Lolo Sixto. Kaya nang mamatay ang asawa nito noong walong taong gulang siya,

hindi naligaw ang lola niya tulad ng iba.

“Hindi ko naman sinasabi na pakasalan mo,” sabi nito. “Ang sabi ko lang, mag-enjoy ka. At mamili ka ng may kotse para pag may emergency, mahiram mo.” Tinapik nito ng hintuturo ang ulo na para bang sinasabi na gamitin niya ang kanyang kukote.

Natawa siya. “Alam mo, ‘La, opposite ka talaga ng iba. ‘Yung iba, mga guwardya sibil. Ako, binubugaw mo.”

Pinamaywangan siya nito. “Paano kasi, natatakot ako’t baka biyanak ka na!”

Nahulog ang panga ni Minnerva. *Biyanak*. Never in her wildest dreams did she think that would come out of Estefana Alger’s mouth. Mabuti na lang hindi nito sinabing ‘tiyanak’.

“Hoy, isara mo ‘yang bibig mo!” sita nito. “Baka pasukan ‘yan ng kung ano.”

She shut her mouth abruptly. Kung puwede rin niyang isara ang tainga, gagawin niya. She was *not* having this conversation with her grandmother. Kaso, nagsalita itong muli, kaya alam niyang hindi niya guni-guni iyon.

“At kung di mo alam ang biyanak, it means lesbiana, t-bird, o tibo,” anito. “Naisip ko, hindi ka naman pangit, so bakit wala kang manliligaw? Noong kapanahunan ko, ang daming naghaharana sa akin. At hoy, wala sa lahi natin ang old maid.”

Hindi pa rin siya makaimik sa sobrang pagkagulat. Tama

bang pagsuspetsahan siyang tibo ng babaeng itinuring na niyang ina?

“Lesbiana ka ba?” patuloy nito. “Naku! Sana huwag naman, dahil mas masarap ang hotdog kaysa hotcake.”

“Lola Estefana!” hiyaw niya. “Ano ba!”

“Ang akin lang naman ay—”

“Lola,” putol niya, “*hindi* ako tibo. Wala akong boyfriend, dahil sakit sa ulo ang mga lalaki. Pero hindi ibig sabihin, tibo ako. Crush ko nga si Brad Pitt, eh.”

Hindi nawala ang simangot nito. “Eh, ang taas naman ng pangarap mo. Baka tumandang dalaga ka niyan. Mahirap labanan si Angelina Jolie.”

Natawa si Minnie. “Naku, Lola! Gusto ko man ipagpatuloy itong showbiz talk natin, pero nagmamadali talaga ako. Male-late na ako sa meeting ng *SAMASA*.”

“Hayaan mo silang maghintay,” sabi nito. “Hindi naman siguro matter of life and death ang topic ninyo.”

“Tungkol ‘to doon sa mga squatters.” Member siya ng political organization na *Samahan Ng Mga Mag-aaral Para sa Sambayanan*. “May appointment kami sa *Batasan* after lunch. Ngayong umaga, inaayos namin ang agenda kay Congressman para hindi kami mukhang tanga sa meeting.”

Tumango ito, may kinuha sa bulsa ng duster at iniabot sa kanya. “Mag-taxi ka na.”

“Huwag na po,” aniya. “May natira pa sa allowance at suweldo ko.” Part-time library assistant si Minnie sa *UP Main Library*. At paminsan, rumaraket bilang research assistant ng mga professors. Palibhasa kasi, thesis na lang ang subject niya dahil sa kakukuha ng advance subjects tuwing summer classes.

“Basta, kunin mo na!”

Kinuha niya ang pera. Pag may naisipan ang matanda, mahirap pigilan. Kaya nga ninenerbyos siya dahil ilang buwan na itong nangungulit ukol sa kanyang zero love life.

Habang lulan siya ng taxi, ang mga pinagsasabi ni Lola Estefana ang nasa isip ng dalaga. *Biyanak*. Hindi siya ganoon. Ayaw niyang mag-BF dahil ilag siya sa lalaki. Noong grade six siya sa *UP Integrated School*, nanligaw sa kanya si Bert. Ito ang pinaka-popular na estudyante. Hindi ito kaguwapuhan, pero matangkad at varsity player.

Sinabi sa kanya ng mga kaklase, bagay sila. Sasagutin na sana niya ang lalaki, pero napadaan siya malapit sa tambayan nito at may narinig siyang hindi maganda.

*“Mahuhulog sa bitag mo si Puti,” anang kaibigan nito.*

*Sa simula, hindi kaagad nakuha ni Minnie kung sino si Puti. But later on, she discovered it was her.*

*“Sabi sa ‘yo,” ani Bert, “she won’t be able to resist my charms. Kaya ako ang panalo sa bet dahil akin si Tisay.”*

*“Basta kapag nagsawa ka na,” sabi ng isa pang boses, “ibalato mo sa akin. Ang sarap titigan ng mukha noon. Parang manika. Kasing-seksi pa ni Barbie.”*

Hindi siya makapaniwala na kung anu-anong pangalan ang tawag sa kanya—Puti, Tisay, at *Barbie*. Dahil sa hiyang naramdaman, kaagad siyang umalis. Umuwi siyang luhaan. And to think her young heart fancied herself in love with Bert.

Nagmukmok siya sa kuwarto at nagpanggap na masama ang pakiramdam. Ang turo kasi ni Lola Fan, huwag iiyakan ang kahit sino at lumaban. But at that point, pakiramdam niya ay hindi niya kayang lumaban, dahil na-disillusion ang bata niyang puso.

Sa buong magdamag ay hindi nakatulog si Minnerva. Hindi siya makapaniwala na laruan lamang ang tingin ng mga lalaki sa babae. At mas lalong hindi siya makapaniwala na pinagpustahan siya ng mga ito. Ano siya, cheap na babae? So her sadness had turned into full-blown anger.

Pagpasok sa eskuwelahan kinabukasan, ginantihan niya si Bert. Nang dumating ang recess, sa harap ng maraming kaklase sa cafeteria, binuhusan niya ng *Coke* ang ulo nito. *“Ayaw ni Puti sa mga maiitim at mahilig sa sugal,” asik niya rito, binigyang-diin pa ang salitang ‘Puti’.* *“Bagay pala sa ‘yo na maligo ng Coke. At least, natatabunan ang anghit mo!”*

Sinita siya ng teacher na nagkataong naroon din sa cafeteria kaya naiwasan ang matinding gulo. Ganoonpaman, nadala si Minnie sa principal's office. Ipinatawag din ang lola niya. Hiyang-hiya siya nang makita ang disappointment sa anyo nito. Nang tinanong kung bakit niya iyon nagawa, ipinaliwanag niya.

Dahil kilala niya si Lola Fan, nakita niyang umangat ang kanto ng mga labi nito. Wala itong ibang sinabi. Ang kaparusahan niya noon ay community service for two weeks. At least, hindi suspension.

Paglabas nila ng principal's office, tinapik siya nito sa balikat. *“Mabuti naman hindi ka nagpapaapi. ‘Yan ang apo ko!’*

Simula noon, panata ni Minnerva na hindi magbo-boyfriend. Maraming nanligaw, pero basted. Sakit lang sila ng ulo. Bukod pa roon, ayaw niyang matulad kay Elma, ang kanyang ina.

Hindi niya ito kilala. Ang huling memorya niya ay iniwan siya nito sa abuela. And for that, she would be forever grateful to her mother kasi minahal siya ni Lola Fan.

Ang sabi nito, puti ang ama niya na nag-disappearing act. Nakilala ito ng kanyang ina sa Subic. Ayon sa kuwento, mataas ang posisyon ng ina niya sa trabaho kaya nabuhay sila nang walang sustento.

Unfortunately, hindi ito nadala, dahil noong tatlong taong gulang siya, sumama ito sa isang Australyano. Iniwan siya dahil nagpanggap itong single. May kabaliwan din ang pala sariling



ina pagdating sa lalaki.

Pero hindi nagalit si Estefana kay Elma, na kaisa-isa nitong anak. Ang sabi nito, na-brainwash ng dayuhan ang nanay niya. Nagpapadala si Elma ng maliit na sustento, pero ni anino nito ay hindi na nila muling nakita.

Alam niyang ikinalulungkot iyon ng lola niya, pero siya, wala siyang nadarama. How can she miss something she never remembered, anyway?

Now at twenty-two, pangako ni Minnie na abutin muna ang mga pangarap. She didn't want distractions. Matatapos na siya sa kanyang four-year course at ang susunod na hakbang ay kukuha siya ng Abogasya. Wala siyang panahon sa mga anak ni Adan.

Besides, if ever she were to have a serious relationship, gusto niya ay hindi lang buwan o taon ang itatagal ng pagsasama. She wanted something that would last forever.